# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 15, 2021, LUNES, IKA-9:31 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

**KAPASIYAHAN BLG. 484-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 17-T2021 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 06-T2021 NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAAS NG HONORARIA NG MGA MIYEMBRO SANGGUNIANG BARANGAY (ELECTED AND APPOINTED) NA MAGING P13,000.00 PARA SA MGA KAGAWAD, KALIHIM AT INGAT-YAMAN AT ANG PUNONG BAYAN BARANGAY NA MAGING P15,000.00 AT MGA KATULUNGIN NG BARANGAY NA MADAGDAGAN ANG KANILANG BUWANANG SAHOD NG P500.00 PARA SA TAONG 2022.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 17-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 06-T2021 na nagtataas ang honoraria ng Sangguniang Barangay kasama ang Kalihim at Ingat-Yaman at katulungin ng barangay para sa taong 2022;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito nang naaayon sa Local Budget Circular ng Department of Budget and Management entitled – Position Classification and Compensation of Barangay Officials and Personnel.

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony P. Joven, at Kgg. Efren L. Diaz at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 17-T2021 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 06-T2021 ng Barangay Santo Angel Central, Santa Cruz, Laguna na nagtataas ng honoraria ng mga miyembro ng Sangguniang Barangay (Elected at Appointed) na maging P13,000.00 para sa mga Kagawad, Kalihim at Ingat-Yaman at ang Punong Barangay ay maging P15,000.00 at mga katulungin ng barangay na madagdagan ang kanilang buwanang sahod ng P500.00 para sa taong 2022.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 15, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS** 11-19-21
Punong Bayan

RECEIVED DEC 03 2021 Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANG. BAYAN RELEASED NAME DATE 12-03-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA